# Langit

Ron Henley

Narinig ko na naman ang pangalan mo
Kapag ganito kadilim ang araw ko
Ang liwanag mo ang kailangan ko
Para makita ko ang nilalakaran ko
Patungo sa puso mo kung saan nais kong maging tambayan mo
Sabi nila langit ka lupa lang ako kita
Ko ang sinag ng araw sa mga mata mo
Ngayong gabi sa mga bituin makikisabay ako baka
Sakaling pagbalik nila sa langit mapalapit sayo

Kay sarap tingnan ng langit kahit nakakangawit na
Buti nandyan ka isang ngiti mo lang ay langit na

Ikaw ang bahaghari pagkatapos ng malakas na ulan
Habang ako'y nakahiga ikaw ang tanawin mula sa may damuhan
Ang iyong buhok ay kakulay ng kalangitang may papalubog na araw
Ako ay dahan-dahang nahuhulog na parang bulalakaw
Sabi nila langit ka lupa lang ako
Kumbaga hinalo mo yung kanal sa pabango
Ngayong gabi sa mga bituin makikisabay
Ako baka sakaling pagbalik nila sa langit mapalapit sayo

Kay sarap tingnan ng langit kahit nakakangawit na
Buti nandyan ka isang ngiti mo lang ay langit na
Kay sarap tingnan ng langit kahit nakakangawit na
Buti nandyan ka isang tingin mo lang ay langit na

Ang bingi nakarinig, ang bulag nakakita muli, ang pilay ay nakalakad,
ang pipi nakapagsalita, ang supot naging tuli
Ang pag-ibig pag inisip ito nasa puso, pag pinuso nasa isip masisira
lang ang ulo
Sabi nila langit ka lupa lang ako wala daw akong ka-
pagasa pagasa sayo
Ngayong gabi sa mga bituin makikisabay ako baka sakaling pagbalik nil
a sa langit mapalapit sayo

Kay sarap tingnan ng langit kahit nakakangawit na
Buti nandyan ka isang ngiti mo lang ay langit na
Kay sarap tingnan ng langit kahit nakakangawit na
Buti nandyan ka isang tingin mo lang ay langit na

Iniwan ng tren, punuan ang jeep, laging nahuhulog sa sinasakyang trip
Tumirik sa bahala laging pinapahinto kaharap ko lagi ay saradong pint
o
Basang basa ng ulan, walang payong, masungit ata ang tadhana sakin ma
ghapon
Laging nasa hulihan ng pila, payuko na sana tapos bigla kang nagpakit
a

Buti na lang nandyan ka
Buti na lang buti na lang nandyan ka sinta
Buti na lang nandyan ka

Buti na lang buti na lang nandyan ka sinta

Kay sarap tingnan ng langit...
Kay sarap tingnan ng langit...



Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!